# Ang Bayan ng Mariveles sa Harap ng Pangangayaw ng Moro sa siglo 18

Kristyl N. Obispado

Ang pagkawasak na dinanas ng mga kapuluan ng Bisaya at Luzon bunga ng pangangayaw ng mga Moro pagsapit ng siglo 18 ay bunga ng kawalan ng organisadong pagpaplano at taktikang pangdepensa sa panig ng mga Espanyol sa nasasakupan nitong kolonya. Kung ginawang matatag ang mga tanggulan sa Look ng Maynila na binubuo ng Intramuros, Cavite, at Corregimiento de Mariveles, hindi lamang ang sentro ng kolonya o ang Maynila ang maililigtas mula sa panganib kung hindi maging ang mga bayang nakapalibot sa Look. Gayumpaman, hindi ito naisakatuparan sapagkat hindi binigyang-pansin ng mga Espanyol ang posibilidad ng pagsalakay ng ibang dayuhang Europeo (tulad ng Olandes at Ingles) sa napakalayong kolonya nito sa Asya. Gayundin, minaliit ng Pamahalaang Espanyol ang inaasahang pagsalakay ng mga Moro kung kaya't hindi rin pinag-ukulan ang mga presidyong matatagpuan sa Mindanao partikular ang Presidio de Zamboanga. Kung pinatatag lamang ang presidyong ito, napigilan sana ang paggalaw ng mga Moro patungong Kabisayaan at Luzon; kung pinatatag lamang ang tanggulan ng Look, naprotektahan sana at naipagtanggol ang mga bayan sa Luzon mula sa inaasahang pag-atake ng mga Moro. Ngunit sa huli, ang paghihirap na dinanas ng buong kapuluan mula sa pangangayaw ng mga Moro ay isang malinaw na patunay ng tahasang kapabayaang ginawa ng mga Espanyol sa kolonya nito. Upang mas kongkretong maunawaan ang kalagayang pandepensa ng kolonya sa ilalim ng Espanya, pinagtuunan ng pansin sa papel na ito ang bayan ng Mariveles sa lalawigan ng Bataan. Pinili ito ng may-akda sapagkat bahagi ang Mariveles ng pangkabuuang plano at estratehiya ng pagtatanggol ng Maynila at Look nito sa buong panahon ng pag-iral ng kolonisasyong Espanyol. Ang sinapit ng bayang ito ay magagamit na sukatan ng halaga, lakas, at bisa ng mga tanggulang itinayo ng Espanya sa mismong sentro ng kapangyarihan nito laban sa mga Moro.

## Ang Pangkabuuang Kalagayan ng mga Tanggulan ng Look ng Maynila at Mindanao sa Panahon ng Pangangayaw

Mula 1565 hanggang 1815, ang ekonomiya ng Filipinas ay nakabatay sa Kalakalang Galyon sa pagitan ng Mehiko at Tsina. Mula sa Tsina, dinadala ang mga kalakal papasok ng Maynila (na naging estratehiko dahil sa kinaroroonan nito sa Look ng Maynila) at daungan nito sa Cavite upang dito isakay sa galyon na bibiyahe patungong Mehiko. Ang papel na ito ng Maynila ang nagtakda ng kaniyang